REPUBLIKA NG PILIPINAS
BAYAN NG TAYTAY
LALAWIGAN NG RIZAL
—— * ——
TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

FILE COPY

BAHAGI NG KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN, TAYTAY, RIZAL, NA IDINAOS NUONG HUNYO 22, 1995, SA SILID PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Pablo J. Gonzaga | - Pang. Punong Bayan |
| Kgg. Carlos V. Borja | - Konsehal |
| Kgg. Nolasco V. Reyes, Jr. | - " |
| Kgg. Filomeno I. Naval | - " |
| Kgg. Jaime L. Mariano | - " |
| Kgg. Nestor SJ. Naval | - " |
| Kgg. Antonio B. Naval | - " |
| Kgg. Ceferino D. Pullante | - " |
| Kgg. Andres C. Cruz, Jr. | - ABC President |
| Kgg. Janet D. de Leon | - SK President |

HINDI DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Joseph F. Zapeda | - Konsehal |

- - - - - - - - - - - -

KAPASIYAHAN BILANG 69

NAGSUSUSOG SA KAPASIYAHAN BILANG 50, NA "MAG-OFFER TO BUY" SA MGA MAY-ARI NG LUPA NA TATAMAAN NG GAGAWING HIGHWAY PATUNGONG BRGY. SAN JUAN, STA. ANA AT SAN ISIDRO (HIGHWAY 2000), SA HALAGANG LIMANG DAANG (₱500.00) PISO BAWA'T METRO KUADRADO, MULA APOLLO ST., TANCINGCO SUBDIVISION, BRGY. SAN ISIDRO HANGGANG ISANG DAAN LIMAMPUNG METRO (TO 150 METERS), AT HALAGANG ISANG DAAN (₱100.00) PISO BAWAT METRO KUADRADO, SA LAHAT NG MATITIRA (ALL THE REST AT ₱100.00/SQ. M.), UP TO HIGHWAY 2000, BRGY. SAN JUAN.

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan sa Kapasiyahan Bilang 50, petsa Hunyo 1, 1995, ay nagpasiya na mag-offer to buy sa lahat ng may-ari ng lupa na tatamaan ng gagawing Highway patungong Brgy. San Juan, Sta. Ana at San Isidro sa halagang ₱100.00 bawa't Metro Kuadrado; at

SAPAGKAT, sa sesyong ito ay napagkaisahan ng Konseho Munisipal na ito ay amyendahan upang maitama ang halaga nito;

DAHIL DITO, matapos ang masusing pagaaral at pagpapalitan ng mga kuro-kuro, sa mungkahi ni Kon. Carlos V. Borja, na pinangalawahan ni Kon. Ceferino D. Pullante, ay

PINAGPASIYAHAN, na kagaya ng pagkakapasiya, na amyendahan/ susugan ang Kapasiyahan Bilang 50, na mag-offer to buy sa mga may-ari ng lupa na tatamaan ng gagawing Highway patungong Brgy. San Juan, Sta. Ana at San Isidro (Highway 2000), sa halagang Limang Daang (₱500.00) Piso bawa't Metro Kuadrado, mula Apollo St., Tancingco Subdivision, Brgy. San Isidro hanggang Isang Daan Limampung Metro (to 150 meters), at halagang Isang Daan (₱100.00) Piso bawa't Metro Kuadrado, sa lahat ng matitira (all the rest at ₱100.00/SQ.M.); up to Highway 2000, Brgy. San Juan;

Kapasiyahan Bilang ..... 69
Pahina ................. 2

PINAGPASIYAHAN PA, na ipadala ang sipi ng Kapasiyahang ito sa mga kinauukulan para sa kanilang kabatiran at upang mabigyan na kaukulang hakbang;

PINAGTIBAY NG LUBUSAN.

PINATUTUNAYAN KO, na ang Kapasiyahang ito ay tunay at siyang katotohanan.

PABLO G. GONZAGA
Pangalawang Punong Bayan
(Tagapamatnugot)

PINAGTIBAY:

GODOFREDO C. VALERA
Punong Bayan

LEOVIGILDA B. DE BORJA
Board Secretary II
Acting SB Secretary

rcd
7-4-95